
Land Title for A&D area

1 message

Mon, Apr 5, 2021 at 7:03 PM

To: pab@ombudsman.gov.ph, email@contactcenterngbayan.gov.ph, pcc@malacanang.gov.ph

Sir/Madam:

Good evening.

Nais ko po sanang humingi ng tulong or assistance patungkol sa pagpapatitulo ng A&D land. Matagal na po namin sya naiapply for land title, and napag alaman po nmin na un geodetic engineer na nagsurvey po ng land area sa aming baryo ay biglang naglaho sa opisina nila kaya back to zero po ang proseso nmin. Kaya last 2019 to 2020, inasikaso po ng mga taga baryo ang mga document na kailangan para sa panibagong application ng land title para sa mga nasasakupan ng mga residente na umuukupa sa A&D land area. Konting hakbang na lang daw po sana para mai-grant sa aming mga residente ang land title subalit may hinihingi ang opisina sa batangas ng zonal certificate para sa proof na un inaapply namin na land area ay residential.

Sa ngayon po, maraming humahadlang sa pagproseso ng titulo kabilang na dito ang isang pribadong organisasyon at mga galamay nito para maigrant sa aming mga residente ang land title. Maging ang namumuno ng bayan ng Calatagan ay hindi namin mahingan ng agarang tulong para sa certification na hinihingi sa mga residente dito. Ang lugar nga po pala na binabanggit ko ay ang brgy. Talibayog, Calatagan, Batangas. Ang ginagawa po ng mga pribadong indibidwal sa mga taga rito samen at mga karatig na lugar o baryo ay pinapaalis sa kani kanilang tinitirirang lupa. Maraming residente na po dito ang napilitang umalis at magpagiba ng bahay dahil sa panggigipit at panginigkil ng mga tauhan ng nasabing pribadong organisasyon.

Sana po ay matulungan ninyo kami sa lalong madaling panahon. Nanganganib na po na ang mga residente dito ay pagnakawan ng mga taong nagtatrabaho sa organisasyon, maging ang mga ahensya ng gobyerno na dapat ay tutulong samen at nagbibingi bingihan na lamang at hinahayaang mangyare sa mga kawawang mamayan ng nasabing lugar.

Sana po ay mabigyan pansin nyo ang aking email na ito. At sana po ay sa lalong madaling panahon po. Nais ko rin pong hilingin sa inyo na itago nyo po ang aking pagkakakilanlan. Pinili ko po gamitin etong anonymous email ko para maprotektahan ang aking sarili. Maraming salamat po at umaasa ako ng maagang tugon mula sa inyong opisina. hindi po ito spam or junk na email, legit po ito at sana po ay matulungan nyo kaming mga residente ng bgry. Talibayog, Calatagan, Batangas.

maraming salamat po.